Provincia di Milano


farsi prossimo

# PARA SA MGA DAYUHANG MAGULANG

## Paano Gumagana ang Sistema ng Edukasyon sa Italya




12 paksa ng pagpapatala para sa pagkatanggap ng inyong mga anak


CiAO!

# *ISANG MALUGOD NA PAGSALUBONG* sa inyo sa aming bansa at mga paararalan

Unang-una, ibig namin batiin kayo at ang inyong mga anak na ng isang malugod na pagtanggap sa Italya at sa paaralan ng Italya.
*Ibig namin kayo bigyan ng kaunting impormasyon tungkol sa paaralang primarya.*

Itala ang inyong mga anak agad-agad, kahit na nagsimula na ang taon ng pag-aaral. Ttandaan na ang bawat bata ay may karapatan na mag-aral kahit walang tamang lisensiya ng paninirahan (UN, Kapulungang Internasyonal sa Karapatang Pambata, Art. 28 and DPR 394/99).


SCUOLA PRIMARIA
LIBRO
1
VACAN

# 1 ILANG TAON NAGTATAGAL ANG PAG-AARAL SA ITALYA?

| | |
|---|---|
| Kindergarten | hanggang 3 taon ng edad |
| Head start (Ulong Panimula) | mula 3 hanggang 6 |
| Elementarya | mula 6 hanggang 11 |
| Junior High School (Mataas na Paaralan – Junior) | mula 11 hanggang 14 |
| High School (Mataas na Paaralan) | 14 pataas |

Ang unang bahagi ng pagtuturo ay nagtatagal ng 8 taon:
- 5 taon ng mababang paaralan
- 3 taon ng unang lebel ng mataas na paararalan.

Libre ang pag-aaral sa mababang paaralan. Ang eskuwelahan ang naglalaan ng mga libro: ang mga magulang ang dapat bumili ng mga librong pang-ehersisiyo, panulat, lapis, atbp.

*Humingi sa guro ng listahan ng materyales.*

***<u>Tala:</u>***

*Kindergarten*
- *Ang mga batang may edad 3 bago mag-30 ng Abril ng papasukang taon ng pag-aaral ay maaaring ipatala*
  *(para sa taon ng pag-aaral 2004-2005: bago mag ika 28 ng Pebrero)*

*Elementarya*
- *Dapat ipatala sa unang baitang ang mga batang magiging 6 na taong gulang bago ang ika 31 ng Agosto ng papasukang taon ng pag-aaral*
  *(para sa taon ng pag-aaral 2004-2005: bago mag ika 28 ng Pebrero)*


SEGRETERIA
ORARI

# 2 MGA DOKUMENTONG KAILANGAN PARA MAIPATALA ANG INYONG ANAK SA ELEMENTARYA

Para maipatala ang mga bata sa paaralan, kailangang sulatan ng mga magulang ang pormularyo mula sa opisina ng sekretarya.
Sa promularyong ito, patutunayan ng mga magulang ang araw ng kapanganakan ng bata at ang iba pang importanteng impormasyon.

Kung mayroon ng mga sumusunod na dokumento:

- katibayan ng kapanganakan
- katibayan ng pagbabakuna
- pahayag mula sa huling paaralang pinag-aralan


ipakita ito sa opisina ng sekretarya.

Kung nawawala ang mga dokumentong ito, dapat ipahayag ng mga magulang, sa kanilang sariling pananagutan, kung anong baitang na ang natapos ng kanilang anak.

**Pag nagpapatala, punuan ang mga pormularya sa:**

- napiling paaralan (tignan ang bilang 3)
- klase ng relihiyon para sa katoliko (tignan ang bilang 6)
- pagpapatala sa programang pagkain ng paaralan (tignan ang bilang 3)
- pagpapatala sa mga laro at ibang gawain bago mag-leksiyon at gabi

Kung wala kayong sertipikasyon ng pagbabakuna, magtanong sa nars (nurse) ng paaralan.


BUON GIORNO!

# 3

# “BUONG ORAS" O "BAHAGING ORAS" SA PAARALAN?

Sa karamihan ng mga paaralan, maaaring pumili ang mga magulang sa dalawang oras at organisasyon ng pag-aaral:


- **ang klaseng ‘buong-oras”:**

40 oras bawat linggo mula Lunes hanggang Biyernes mula 8:30 ng umaga hanggang 4:40 ng hapon.
(27 oras obligado at 3 oras hindi obligado + 10 oras pananghalian)

- **ang klaseng “bahaging oras”:**

27 o 30 oras bawat linggo: 27 oras obligado, 3 hindi obligado. Ang lingguhang talaorasan (1, 2, 3, or 4 hapon) ay itatakda ng paaralan
Hindi obligado sa pagkaing paaralan.
Ang mga leksiyon ay nagsisimula ng 8.30pm.

*Importanteng dumating sa tamang oras..*
*Humingi agad ng talaorasan para sa inyong anak.*



# 4 PAANO IPATATALA ANG INYONG ANAK SA PROGRAMNG PAGKAIN NG PAARALAN?


Sa ibang mga paaralan (lahat sa Milano), may serbisyong pagkaing pang paaralan. Iba-iba ang presyo ng pananghalian, depende sa suweldo ng pamilya.
Maaring humingi ng espesyal na pagkain, depende sa kalusugan o relihiyon ng bata.

Kung ibig ipatala ang inyong anak sa programang pagkain, sulatan ang pormularyo galing sa sekretarya ng munisipyo.
Kung hihingi ang magulang ng reduksiyon sa presyo ng pagkaing paaralan, kailangan niyang sulatan ang pormularyong pang-sertipikasyon ng buong pamilya.
Kailangan ipakita ng magulang ang kanyang I.D. o pasaporte.

**Bigyan ang opisina ng sekretarya ng:**

- 101 o ang 740 modelo
- Ang pakiusap para sa espesyal na pagkain para sa kalusugan o relihiyon


*Para sa karagdagang tanong o problema, pumunta sa opisina ng sekretarya ng paaralan.*


SCUOLA

# 5 KAPAG MAAGA PUMAPASOK SA TRABAHO ANG MAGULANG O GABI NA UMUUWI…

Para matugunan ang ganitong problem, may mga paaralan na nagsasagawa ng mga gawain bago magsimula ang oras ng klase (sa umaga mula 7:30am hanggang sa pagsimula ng leksiyon) at mga laro sa hapon (mula 16.30(4.30pm) hanggang 17.30(5.30pm).

*Para sa mga karagdagang tanong ukol dito, pumunta sa opisina ng sekretarya ng paaralan.*


1+2=3
3+5=8

# 6

# KLASE PARA SA RELIHIYONG KATOLIKO O IBANG ALTERNATIBO?

Ang mga paaralan ay nagbibigay ng klaseng relihiyon para sa mga katoliko, 2 oras kada linggo. Pag nagpapatala, tatanungin ang mga magulang kung: (Tatanggapin/Tatanggihan):

| Accept (Tanggap) | Decline (Tanggi) |
| --- | --- |

ang mga klaseng ito. Kung tatanggihan ng mga magulang ang klaseng relihiyon para sa katoliko, maaari sila pumili sa mga sumusunod:

- mga gawaing nakapagtuturo o nakapaghuhubog
- mga gawaing pang-aral o kaniya-kaniyang pananaliksik sa gabay ng guro.
- umuwi.

# 7 ANO ANG KALENDARYO NG PAARALAN?

Ang semester ng paaralan ay nagtatagal ng 9 na buwan. Nagsisimula ito sa kalagitnaan ng Setyembre at nagtataps sa kalagitnaan ng Hunyo.

Dalawa ang panahon ng bakasyon:

- dalawang linggo pag Pasko (kadalasan mula ika-23 ng Disyembre hanggang ika-6 ng Enero)
- humigit-kumulang isang linggo pag Pasko ng Pagkabuhay (Marso o Abril)


Ang ibang mga araw ng bakasyon ay itinatakda sa kahabaan ng taon at depende sa desisyon ng bawat paaralan.

*Paaalam sa inyo ng paaralan sa pamamagitan ng sulat ang talaan ng inyong anak. Laging tignan ang talaan ng anak ninyo!*

# PAGLIBAN SA KLASE

Ang bawat pagliban sa klase ay dapat pangatwiranan ng magulang.





$\sqrt{3} - 2 + (6-2) = \ldots$
LONDON
abcd

# 8

# ANO ANG MGA MATUTUTUNAN NG MGA BATA SA PAARALAN?

**Sa elementarya, matututo ang mga bata mag-:**

- Italyano
- matematika
- siyensiya
- kasaysayan
- heograpiya
- teknolohiya at siyensiya ng kompyuter
- Ingles
- Pag-guhit (arte at paglalarawan)
- dyimnastiko (siyensiyang pang "motor")
- edukasyong pang-musika (pagkanta at musika)


PAGELLA
italiano 6
matematica 8
storia 7
geografia 6
musica 9
arte 7

# 9 PAANO ANG PAG-GRADO NG RESULTA NG PAG-AARAL?

Ang bawat taon ng pag-aaral ay nahahati sa dalawang bahagi (2 bahagi na tag-apat na buwan) mula Setyembre hanggang Enero at mula Pebrero hanggang Hunyo.

Tuwing Enero at Hunyo, nagbibigay ng ebalwasyon ang mga guro tungkol sa resulta ng pag-aaral ng bawat bata at ibinibigay ito sa magulang sa pamamagitan ng dokumentong pang-ebalwasyon.

Bawat bata ay may “portfolio” ng kanyang kakayahan na may sulat mula sa kanya, kanyang mga guro at mga magulang



# 10 ANO ANG KAHALAGAHAN NG PAGTITIPON NG MGA GURO AT MAGULANG ?

Sa bawat panahon, nakikipag-tagpo ang mga magulang sa mga guro upang pag-usapan ang mga programang pang-klase, ang kanilang mga anak, mga problema at progreso nito.
Ang mga pagtitipon na ito ay mahalaga dahil sa pamamagitan nito makapagtutulungan ang paaralan at pamilya sa pagsasa-ayos ng pag-aaral ng bata kung kina-kailangan.

## Pagtitipon

Pinaaalam ng bawat guro sa mga magulang ang araw na maaari siyang makausap tungkol sa bata.
Maaari din ang magulang ang humingi ng pagtitipon sa guro.

*Kung ibig niyo makipag-usap tungkol sa inyong anak, agad-agad humingi ng pagtitipon mula sa guro.*



# 11 PAANO KUNG HINDI MARUNONG MAGSALITA NG ITALYANO ANG BATA?

Para matulungan ang inyong anak makibagay sa klase at maturuan ng bagong lenguwahe, mag-o-organisa ang guro ng pang-isang leksiyon at gawain para matuto ang inyong anak magsalita at magsulat ng Italyano.

*Sa ibang mga paaralan may mga gurong nagpakadalubhasa sa pagtuturo ng Italyano sa mga maliliit na grupo ng batang banyaga.*

# 12 MAY GUSTO KA PANG MALAMAN?

*Huwag mag-alala!*

May mga sentro na maaaring magbigay sa inyo ng mga suhestiyon:

- Serbisyong on-line ng
  Probinsiya ng Milano
  Progetto “Civĭtas”
  e-mail: integrazione.sociale@provincia.milano.it

- Opisinang Banyaga
  Munisipalidad ng Milano
  Via Tadino, 12
  Tel. 0229400229

- CSA/Centro Servizi Amministrativi
  Via Ripamonti, 24
  Milano
  Tel. 0258382

- Mga Sentro ng Serbisyo
  Via Galvani, 16
  Milano
  Te.l 0267100792
  www.centrocome.it
  come@farsiprossimo.it ; info@centrocome.it

*Siyempre, may mga banyagang magulang na maaaring tumulong sa inyo!!!*

# MAGANDANG PAARALANG PARA SA INYO!

*Orihinal na Proyekto:*

Scuola elementare statale

Via Brunacci, 2

Milano

*Rebisyon:*

*Serbisyong on-line* Probinsiya ng Milano

sa kooperasyon ng

Cooperativa Farsi Prossimo

*Mga Guhit:*

Benedetta Marasco

Cooperativa Farsi Prossimo
Centro COME

Questo fascicolo è tradotto in 10 lingue:

francese, inglese, spagnolo, tagalog,
albanese,  rumeno,
cinese, arabo, serbo-croato, russo

Provincia di Milano
Direzione Centrale Affari Sociali
Viale Piceno,60
20129 Milano
Tel: 02/77403411
Fax: 02/ 77403417
e-mail: integrazione.sociale@provincia.milano.it

**** LA RIPRODUZIONE VIENE INCORAGGIATA***